| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | Paaralan: | DepEdClub.com | Petsa: | |
| | Pangalan ng Guro: | | Lingguhang Bilang | 3 |
| | Pangkat: | | Markahan | 2 |
| | Tema: | **Exploring our Community** | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learners understand the value of discipline, honesty, respect, friendship, and care and concern. |
| **B. Pamantayang Pagganap** | The learners demonstrate proper discipline, honesty, respect, friendship, and care towards other people. |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | ● Follow rules and regulations in going to different places<br>● Recognize that sounding off letters form words (K-RL-II-IV-1)<br>● Describe the different places and persons belonging in one's community (K-L-II-3)<br>● Give the correct sequence of events in a local text listened to (K-RL-II-4)<br>● Tell the names of the days in a week and months in a year (K-L-II-5)<br>● Classify common objects in the environment according to colors and shapes (K-M-II-1)<br>● Create own patterns using local concrete objects (K-M-II-2)<br>● Identify the positions (in, on, under, to, and bottom) and directions (left and right, front and back) of objects in one's environment (K-M-II-3)<br>● Demonstrate proper behavior in various situations and places in the community (K-GMRC-II-1) |
| **D. Mga Layunin** | ● Maaaring ipahayag ng tao ang kanilang pagsamba at panalangin sa iba't ibang pamamaraan.<br>● Ang iba't ibang pamamaraan ng mga tao sa kanilang pagsamba at panalangin ay kailangang irespeto.<br>● Maaari tayong makakita ng iba't ibang mga lugar ng pagsamba at panalangin sa ating komunidad.<br>● Ang mga lugar ng pagsamba at panalangin ay mayroong mga pinuno at manggagawa.<br>● May mga wastong pamamaraan ng pananamit, pagkilos, at pagsasalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | There are places of worship and prayer in our community. |

<table>
<tr><td colspan="6">Tala sa Guro: Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (themes), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.</td></tr>
<tr><th>BLOCKS OF TIME</th><th>LUNES</th><th>MARTES</th><th>MIYERKULES</th><th>HUWEBES</th><th>BIYERNES</th></tr>
<tr><td>Arrival Time<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Papilahin ang mga bata sa labas ng klasrum kung may lugar na hindi maaarawan o mauulanan, habang pumapasok sila sa silid-aralan.<br><br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na para sa pag-uumpisa ng klase.<br><br>Matapos ang sampung minuto, kantahin ang ‘Isa, Dalawa, Tatlo’ o iba pang kanta na maaring gamitin upang makapagpaupo ng mga bata at maging handa na para sa Meeting Time.<br><br>Sumangguni sa Teacher’s Guide o Gabay para sa Guro ukol sa sinadyang pagtuturo (intentional teaching) patungkol sa mga nakasasayang gawain (routine activities).</td></tr>
<tr><td>Meeting Time<br>(15 minuto)</td><td colspan="5">Pambansang Awit<br>Panalangin } (Maaaring gawin kasama ang ibang baitang o doon mismo sa kanilang silid-aralan.) Ehersisyo<br><br>Kumustahan (Kumustahin ang mga bata; magtanong din tungkol sa mga napanood o napakinggang balita sa telebisyon o radyo, mga kasalukuyang pangyayari (hal., may bagyo, transport strike, SONA, at iba pa.)<br>Balitaan:<br>Ating alamin ang petsa, araw, at buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo. Kahapon ay <u>(e.g., Linggo)</u><br>Ngayon ay ____________<br>________________________<br>Bukas ay _____________<br>Ang petsa ngayon ay ika ________ng ________________________taon ________________<br><br>Kumusta naman ang lagay ng panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin) Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae.<br><br>(Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga babae? Ang mga lalaki? Kung ganun, ilan lahat ang mga babae at lalaki? Bilangin natin.</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Balik-aral:** Ating pagbalik-aralan ang mga pinag-usapan natin sa klase noong nakaraang linggo/kahapon. (Tanungin ang mga bata tungkol sa mga mensahe na pinag-usapan sa klase bago ipakilala ang mga gawain sa kasalukuyang araw.)<br><br>(Sumangguni sa *Teacher's Guide* partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at *variation* ng pagtuturo nito.) | | | | |
| **Mga Mensahe** | *Ang mga tao sa komunidad ay maaaring magpahayag ng kanilang pagsamba at panalangin sa iba't ibang pamamaraan.* | *Kailangang igalang ang mga iba't ibang pagpapahayag ng pagsamba at panalangin ng lahat ng tao.* | *May mga lugar ng pagsamba at panalangin na maaaring matatagpuan sa ating komunidad.* | *Ang mga lugar ng pagsamba at panalangin ay mayroong mga pinuno at manggagawa.* | *May mga wastong pamamaraan ng pananamit, pagkilos, at pananalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin.* |
| **Mga Katanungan** | Kayo ba ay sumasamba o nananalangin?<br><br>Tuwing kailan ninyo ginagawa ito? | Paano natin maipakikita ang ating paggalang sa iba't ibang pamamaraan ng pagsamba at pananalangin ng lahat ng tao? | Ano ang mga lugar ng pagsamba at panalangin na makikita sa ating komunidad?<br>Paano mo ilalarawan ang mga ito? | Sinu-sino ang mga pinuno at manggagawa sa mga lugar ng pagsamba at panalangin sa ating komunidad?<br><br>Anu-ano ang mga ginagawa nila? | Ano ang dapat nating kasuotan, at paano tayo dapat kumilos at magsalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin?<br><br>Ano ang maaaring mangyari kung hindi tayo magdadamit, kikilos at magsasalita ng naaayon sa lugar ng pagsamba at panalangin? |
| **Work Period 1** (45 minuto) | **Kuwento**: *A Boy Named Ibrahim* (Sarte, 2014. Adarna House).<br><br>Ipaliwanag ang mga mahirap na | **Palit-awit:** Sa halip na magbasa ng kuwento, awitin ang "Salamat, Aming Dios" (Titik at Musika ni Anna Francisca T. Castañeda-Lacanilao (1992).(Sumangguni sa Apendiks para sa titik) | **Kuwento:** *In Our Town/Dito Sa Amin* (Amor, 2022. USAID)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto. | **Panayam:** Sa halip na magbasa ng kuwento, anyayahan ang mga manggagawa sa mga lugar ng pagsamba sa komunidad na bumisita sa klase | **Pagbabahagi ng takdang-aralin:** Sa halip na magbasa ng kuwento, ipakita ang mga larawan ng mga lugar ng pagsamba at panalangin na |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | salita/konsepto. Isulat ang mga ito sa pisara:<br>- Bismillah<br>-Wudu/Wudhu<br>- Masha Allah<br><br>***Pagganyak*** *Motivation question: Kayo ba ay sumasamba o nananalangin?*<br><br>*Tuwing kailan ninyo ginagawa ito?*<br><br>Pakinggan ang mga sagot ng mga bata at ulitin ang mga ito.<br><br>Maaaring may mga bata na magsasabing hindi sila sumasamba o nananalangin.<br>Pakinggan sila at igalang ang kanilang sagot.<br><br>***Pangganyak na Tanong***<br>*Motive question:*<br>*Paano manalangin ang batang si Ibrahim sa ating kuwento ngayon?*<br><br>Imbes na basahin ang kuwento sa Ingles, | Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/konsepto.<br>Isulat ang mga ito sa pisara:<br>- amen<br>***Pagganyak***<br>*Motivation question:*<br>*Kayo ba ay nananalangin ng pasasalamat sa Diyos?*<br><br>*Ano ang mga ipinagpapasalamat ninyo sa Kanya?*<br><br>Maaaring may mga bata na magsasabing hindi sila nananalangin ng pasasalamat sa Diyos.<br>Pakinggan sila at igalang ang kanilang sagot.<br><br>***Pangganyak na Tanong***<br>*Motive question:*<br><br>*Ano ang ipinagpapasalamat sa awit?*<br><br>*Anu-ano pa ang ating ipinagpapasalamat sa Diyos?* | Isulat ang mga ito sa pisara:<br>- market<br>- town<br>- barangay hall<br>- town hall<br>- relief goods<br><br>***Pagganyak***<br>*Motivation question:*<br>*Anu-ano ang mga lugar ng pagsamba at panalangin na makikita sa ating komunidad?*<br><br>***Pangganyak na Tanong***<br>*Motive question:*<br>*Anu-ano kaya ang makikitang lugar ng pagsamba at panalangin sa ating kuwento ngayon?*<br><br>Ipakita ang mga iba't-ibang pahina ng aklat at tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang napapansin sa mga iyon.<br><br>Sabihin na ang aklat ay walang mga salita. Mayroon lamang itong mga larawan.<br>Hikayatin ang mga bata na sabihin kung | upang makapanayam ng mga bata.<br>Maaaring sila ay Imam, madre, ministro, pari, pastor, Rabbi, atbp.<br><br>Kailangang sila ay maanyayahan nang maaga pa upang makumpirma ang kanilang pagdating sa linggong ito.<br>***Pagganyak***<br>*Motivation question: Kilala ba ninyo ang mga manggagawa sa mga lugar ng pagsamba at panalangin sa ating komunidad?*<br>***Pangganyak na Tanong***<br>*Motive question:*<br>*Ano ang mga itatanong ninyo sa kanila?*<br>Bago ang panayam, gumawa ng *KWLQ Chart.* Kumuha ng isang malaking papel at hatiin ito sa apat na hanay (column).<br>Ang unang hanay *(What do the children know?)* ay para sa mga kaalaman ng mga bata tungkol sa mga | takdang-aralin ng mga bata noong Miyerkules.<br><br>Mainam kung ang mga larawan ay maipalalabas sa isang malaking monitor upang madaling makita ng lahat.<br><br>Tawagin ang mga bata upang ilarawan ang mga larawan na kanilang ibinahagi.<br><br>Sa pagtatapos, tanungin ang mga bata kung paano tayo dapat manamit, kumilos, at magsalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin.<br><br>Pakinggan ang kanilang mga sagot at ilista ang mga ito sa pisara o sa malaking papel. Gumawa ng tsart na may tatlong hanay para sa wastong pananamit, pagkilos, at pananalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | maaaring basahin ito sa tamang salin sa *mother tongue.*<br>Bantayan din ang *attention span* ng mga bata kasabay ng haba ng kuwento.<br><br>***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br><br>Pag-usapan na nagsisimula ang pananalangin ni Ibrahim sa pagsasabi ng "Bismillah."<br><br>Sabihin na may mga tao na nag-uumpisa sa pamamagitan ng paggawa ng *sign of the cross* o sa simpleng katahimikan lamang. Pag-usapan din ang wudhu at ang kahalagahan nito bago manalangin.<br>Sabihin na may mga ibang paraan pa ng paglilinis na ginagawa ang ibang tao bago manalangin Halimbawa ay ang paghingi ng tawad o pangungumpisal | Awitin ng minsan ang awit.<br><br>Tanungin ang mga bata kung ano ang ipinagpapasalamat sa awit. Makinig sa kanilang sagot.<br><br>Tanungin ang bawat bata kung ano pa ang ipinagpapasalamat nila sa Diyos, at palitan noon ang salitang 'kaibigan"' sa awit.<br>Isulat ang kanilang mga sagot kasama ang kanilang pangalan sa pisara o sa malaking papel.<br>Halimbawa: magulang (pangalan ng bata), kalaro (pangalan ng bata), pagkain (pangalan ng bata), atbp. | ano ang nakikita nila sa bawa't pahina, partikular ang mga lugar ng pagsamba.<br><br>***Talakayan***<br>*Post story discussion*<br><br>Tanungin ang mga bata kung anu-ano ang mga lugar ng pagsamba na nakita nila sa kuwento.<br><br>Tanungin ang mga bata kung may mga simbahang Katoliko at mga mosque sa kanilang komunidad, gaya ng mga nasa kuwento.<br><br>Tanungin din sila kung may mga iba pang lugar ng pagsamba at nanalangin sa kanilang komunidad. Halimbawa, Iglesia ni Cristo, Church of the Latter Day Saints, mga simbahang Protestante, atbp.<br>Maaring magpakita ng larawan ng mga ito. | ginagawa ng mga pinuno at manggagawa ng mga lugar ng pananambahan at panalangin.<br>Ang pangalawang hanay (*What do the children want to know?*) ay para sa mga bagay na nais malaman ng mga bata mula sa kanilang kakapanayamin.<br>Ang pangatlong hanay (*What did the children learn?*) ay para sa mga bagay na natutunan ng mga bata mula sa panayam.<br>Ang pang-apat na hanay (*What questions do the children have after the interview?*) ay para sa mga katanungan ng mga bata pagkatapos ng panayam.<br>Bago ang panayam, tanungin muna ang mga bata kung ano ang alam nilang ginagawa ng mga pinuno at manggagawa sa mga lugar ng pagsamba at panalangin at isulat ang kanilang mga sagot sa | **Gawain:**<br>Mga paalala<br><br>**Marungko:**<br>**Titik Aa**<br>Pagsasama ng mga tunog upang makalikha ng isang makabuluhang salita (Mm, Ss, Aa)<br><br>**Gawain:**<br>*Basahin, Isulat, at Iguhit* (*KLAS 10)* |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Teacher-Supervised Activity** | ng mga maling nagawa sa Diyos at sa kapwa.<br><br>**Gawain:**<br>Pagsusunod-sunod ng mga hakbang ng wudhu ayon sa kuwento<br><br>**Marungko:**<br>**Titik Aa**<br>Pagpapakilala ng tunog Pagpapakilala ng hugis ng tunog (lip formation when making the letter sound)<br><br>Pagpapakilala ng letra<br><br>**Gawain:**<br>*Hanapin ang Titik Aa* (*KLAS 7)* | Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na makapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-awit.<br><br>**Gawain:**<br>'Pasasalamat sa Diyos"'<br>*Poster*<br><br>**Marungko:**<br>**Titik Aa**<br>Pagsulat ng hugis ng titik sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br><br>Pagsulat ng hugis ng titik sa papel<br><br>**Gawain:**<br>Ipaguhit sa mga bata ang walo (8) na malaking titik A at walo (8) na maliit na titik a sa buhangin ng kani-kanilang *sandbox.* | **Gawain:**<br>Pagkulay at paglalarawan<br><br>**Marungko:**<br>**Titik Aa**<br><br>Pagpapakilala ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa tunog ng titik<br><br>Pagsusulat ng simulang tunog<br><br>**Gawain:**<br>*Hanapin at Kulayan ang Titik Aa* (*KLAS* 8). | ilalim ng unang hanay (K). Tanungin ang mga bata tungkol sa kung ano ang nais nilang malaman mula sa kanilang mga kakapanayamin at isulat ang kanilang mga sagot sa pangalawang hanay (W). Ang mga ito ang kanilang mga itatanong sa panayam.<br>***Talakayan***<br>*Post interview discussion*<br>Pagkatapos ng panayam,ipakita muli ang *KWLQ Chart* at tanungin ang mga bata kung ano ang sinabi ng mga taong kanilang nakapanayam tungkol sa kanilang mga ginagawa sa mga lugar ng pagsamba at panalangin. Isulat ang kanilang mga sagot sa ilalim ng hanay na L *(What did the children learn?*).<br>Kung may mga katanungan ang mga bata tungkol sa panayam, isulat ang mga iyon sa ilalim ng hanay na Q (*What questions do the* | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | *children have after the interview?*).<br>Pag-usapan ang kabuuan ng *KWLQ Chart.*<br>**Gawain:**<br>*'Thank You' Poster*<br>**Marungko:**<br>**Titik Aa**<br>Balik-aral ng mga tunog ng mga naunang naiturong titik: Mm, Ss<br>**Gawain:**<br>*Ayun, Nakita Ko*<br>(*KLAS 9)* | |

| | |
|---|---|
| **Supervised Recess**<br>(15 minuto) | Mga bata, sampung minuto na lamang ang natitira sa ating *Work Period*. Tayo ay sabay-sabay na pumalakpak ng limang beses para sa natos nating mga imula – isa, dalawa, tatlo, apat, lima!<br><br>Ipabalik ang lahat ng mga bagay na ginamit sa lalagyan. Magpasalamat o magdasal para sa mga natapos na gawain at sa snaks na kakainin sa oras ng rises. (Maaaring gawing lider sa pagdarasal ang mga bata na magbo-*volunteer.*)<br><br>(Pagkatapos magdasal) Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay.<br>(Pagkatapos maghugas ng kamay) Kung nakahain na ang mga dala ninyong pagkain, maaari na kayong kumain. (Habang kumakain na ang<br><br>mga bata) Maaari rin kayong magbahagi ng pagkain sa mga kaklase.<br><br>Pagkatapos kumain, magliligpit ng gamit at maghuhugas uli ng mga kamay at magsesepilyo. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. |
| **Quiet / Nap Time**<br>(10 minuto) | (Iparinig nang mahina ang mga awitin sa simbahan habang nagpapahinga ang mga bata.)<br><br>Gising na mga bata! Tayong lahat ay tumayo at mag-unat-unat. |

| **Work Period 2** (40 minuto)<br><br>**Magbilang Tayo (10-15 minuto)** | Tapos na ang sampung minuto. Muli ay maghahanda tayo para sa iba pang mga masasayang gawain. | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Ilang Pangkat Ang Meron sa 8?**<br>Mga kagamitan: pamilang<br>Pamamaraan:<br>1. Anyayahan ang mga bata na ihanay sa kanilang harapan ang walong pamilang. Tanungin ang mga bata, "Ilang pangkat ng isa ang meron sa 8?" (Sagot: Walo.)<br>2. Pagkatapos, tanungin ang mga bata, "Ilang pangkat ng tigdadalawa ang meron sa 8? Ipakita nga ninyo sa akin?" Hayaan ang mga bata na gumawa ng mga pangkat ng tigda dalawa gamit ang kanilang pamilang. Sabihin sa kanila,<br>"Tingnan ninyo ang mga pamilang ninyo at ang mga pamilang ng inyong katabi. Ano ang inyong napapansin dito?" (Sagot: May apat na pangkat na may tigdadalawa ang 8.)<br>3. Ipagpatuloy ang pamamaraan sa gawaing | **Lahat Walo**<br>Mga kagamitan: pamilang; papel at panulat; malaking papel at pandikit para sa *tsart*<br>Pamamaraan:<br>1. Anyayahan ang mga bata na kumuha ng walong pamilang at ihanay ito sa kanilang harapan.<br><br>2. Pagkatapos ay sabihin sa mga bata na bumuo ng iba't ibang hugis o itsura gamit ang kanilang walong pamilang.<br><br>3. Bigyan sila ng papel at panulat upang maiguhit nila ang mga pagbubuo na kanilang ginawa.<br><br>*4.* Idikit ang mga papel ng mga iginuhit ng mga bata sa isang malaking papel upang maging *tsart.* | ***Ten Frames* at Pamilang na may Dalawang Kulay** Mga kagamitan: *ten frames* para sa bawat bata; dalawang kulay ng pamilang<br><br>Pamamaraan:<br>1. Bigyan ang bawat bata ng *ten frame.* Sabihin sa mga bata na lagyan ito ng walong pamilang.<br><br>*2.* Sabihin na isang kulay ng pamilang ang ilagay nila sa unang hanay, at ibang kulay naman sa pangalawang hanay. Ito ay upang makita ng mga bata ang *decomposing numbers.* | **What Makes 8?**<br>Mga kagamitan: *KLAS 4;* dalawang kulay ng krayola; pandikit; malaking papel para sa *tsart*<br><br>Pamamaraan:<br>1. Bigyan ang mga bata ng mga kagamitan. Maaaring bigyan ang mga bata ng higit sa isang *eight frames*.<br><br>2. Basahin ang panuto at hikayatin ang mga bata na simulan at tapusin ang gawain.<br><br>*3.* Idikit ang *eight frames* ng mga bata sa malaking papel upang maging *tsart.* | **All About 8**<br>Mga kagamitan: *KLAS 5;* lapis |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ito sa mga susunod na tanong: “Ilang pangkat ng tigtatatlo ang meron sa 8?” (Sagot: May dalawang pangkat ng tigtatatlo at dalawang labis sa walo.); “Ilang pangkat ng tig-aapat ang meron sa 8?” (Sagot: May dalawang pangkat ng tig-aapat at walang labis sa walo.); “Ilang pangkat ng tiglilima ang meron sa 8?” (Sagot: May isang pangkat ng tiglilima at tatlong labis sa walo.); “Ilang pangkat ng tig-aanim ang meron sa 8?” (Sagot: May isang pangkat ng tig-anim at dalawang labis sa walo.); “Ilang pangkat ng tigpipito ang meron sa 8?” (Sagot: May isang pangkat ng tigpipito at isang labis sa walo.); “Ilang pangkat ng tigwawalo ang meron sa 8?” (Sagot: May isang pangkat ng tigwawalo at walang labis sa walo.) | | | | |

<table>
<tr>
<td>Mga Gawain sa Grupo</td>
<td colspan="5">May mga inihanda akong set ng mga gawain sa bawat grupo. Tumayo ang mga lider ng bawat grupo at kunin na ang mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin. (Sumangguni sa Apendiks para sa pamamaraan.)<br><br>Early Language, Literacy, and Numeracy Activities:<br>● Umaga Hanggang Gabi<br>● Mga Bahay Sambahan at Panalangin<br>● 0-8<br>● What Makes 8?<br>● All About 8<br>● More, Less, Equal<br>● Hanapin ang Titik Aa<br>● Magsulat sa Sandbox<br>● Hanapin at Kulayan<br>● Ayun, Nakita Ko<br>● Basahin, Isulat, Iguhit</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)</td>
<td colspan="5">Malapit nang matapos ang ating Work Period, simulan na ninyong magligpit ng mga gamit at ibalik ang mga ito sa lalagyan. Tayo ay sabay-sabay nang bumilang mula isa hanggang dalawampu. Pagdating sa bilang dalawampu, sana ang lahat ay nakaupo na/nakapila na para sa ating paglalaro sa loob/labas ng silid-aralan. (Sumangguni sa Apendiks para sa pamamaraan.)</td>
</tr>
<tr>
<td>Sabi ni Ibrahim</td>
<td>“Kumendeng at Umikot”</td>
<td>Dalhan Mo Ako</td>
<td>Bola sa Ibabaw, Bola sa Ilalim</td>
<td>Dapat o Hindi Dapat?</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">(Kapag tapos na ang 25 minuto) Iligpit na ang mga ginamit natin sa paglalaro at umupo na tayo upang magpaalam.</td>
</tr>
<tr>
<td>Wrap Up Time & Dismissal<br>(10 minuto)</td>
<td>Ano ang nais ninyong ipanalangin natin bago tayo umuwi?<br><br>(Makinig sa mga sagot ng mga bata at ipanalangin ang mga ito.)</td>
<td>Ano ang mga ipinagpapasalamat natin sa Diyos?<br><br>(Ipakita ang mga poster na ginawa ng mga bata at pag- usapan ang mga ito.)</td>
<td>Ano ang mga lugar ng pagsamba at panalangin na makikita sa ating komunidad?<br>(Makinig sa mga sagot ng mga bata at ulitin ang mga ito.)</td>
<td>Sino ang mga pinuno at manggagawa sa lugar ng pagsamba at panalangin sa ating komunidad na ating nakilala at nakausap ngayon?</td>
<td>Paano tayo dapat manamit, kumilos at magsalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin?<br><br>(Hayaan na ipakita ng bawat bata ang mga</td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Gaya ni Ibrahim, lagi tayong manalangin araw-araw. | Paano natin maipakikita ang ating paggalang sa iba't ibang pamamaraan ng pagsamba at pananalangin ng lahat ng tao?<br>(Makinig sa mga sagot ng mga bata at ulitin ang mga ito).<br><br>Lagi nating igalang ang iba't ibang pamamaraan ng pagsamba at pananalangin ng lahat ng tao, kasama ang mga taong hindi sumasamba o nananalangin. | Takdang-aralin: Sasabihin ko sa inyong kasama sa pag-uwi na kunan ng litrato gamit ang kanilang *cellphone* ang mga lugar ng pagsamba at panalangin na inyong makikita sa inyong pag-uwi. Sasabihin ko din sa kanila na i- *upload* ang mga larawan sa *Messenger chat group* ng klase upang maipakita sa lahat sa araw ng Biyernes. Maaari bang paalalahanan ninyo sila tungkol dito?<br><br>(Ipaskil ang takdang-aralin na ito sa pinto ng silid-aralan upang mabasa ng mga sundo ng mga bata. Maaari ring ipaalam ito sa pamamagitan ng *Messenger chat group* ng klase.) | Paano tayo magpapasalamat sa kanila?<br><br>(Hayaan na ipakita ng mga bata ang *thank you poster* na ginawa nila.)<br><br>Salamat sa inyong mga *thank you poster,* mga bata. Ito ay siguradong makararating sa ating mga panauhin sa klase kanina.<br>Lagi nating igalang at pasalamatan ang mga pinuno at manggagawa sa mga lugar ng pagsamba at panalangin sa ating komunidad. | *karatula* na ginawa nila.)<br><br>Ano ang maaaring mangyari kung hindi tayo magdadamit, kikilos at magsasalita ng naaayon sa lugar ng pagsamba at panalangin?<br><br>(Makinig sa mga sagot ng mga bata at ulitin ito.)<br><br>Tayo ay manamit, kumilos, at magsalita ng naaayon sa mga lugar ng pagsamba at panalangin, |
| **Dismissal Routine** | Maraming salamat, mga bata, sa inyong pagpasok at partisipasyon sa klase sa araw na ito.<br>(Magbigay ng *reminder* sa mga bata kung may ibibigay silang sulat sa kanilang mga magulang mula sa paaralan, at/o takdang-aralin, at iba pa.)<br>Awitin natin ang "Paalam Na Sa Iyo."<br>Mag-ingat kayo sa inyong paglalakad, pagsakay at pagbaba ng sasakyan, at pagtawid sa daan. Magkita-kita uli tayo bukas dito sa ating mahal na paaralan. | | | | |

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**


**<u>Pagsusunod-sunod ng mga hakbang ng *wudhu* ayon sa kwentong "A Boy Named Ibrahim" (Sarte, 2014)</u>**

Layunin: Maipakita ang tamang pagkakasunod-sunod ng gawain na narinig sa kuwento Bilang ng Kasali: Lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: Malalaking larawan ng mga hakbang ng wudhu ayon sa kuwento; *masking tape*

Pamamaraan:

1. Tanungin ang mga bata kung naaalala nila ang tamang pagkakasunod-sunod ng paglilinis ng katawan na ginagawa ni Ibrahim bago siya manalangin.
2. Idikit ang mga larawan ng hakbang ng wudhu sa pisara o sa dingding na hindi tama ang pagkakasunod-sunod. (*Note:* Ang bawat hakbang ay may eksaktong pamamaraan ng paggawa na hindi na idedetalye sa gawaing ito dahil ang layunin lamang ay makita ng mga bata ang tamang pagkakasunod-sunod o *sequence* ng wudhu ayon sa kuwento.)
3. Sabihin sa mga bata na tingnang ng mabuti ang mga larawan dahil kanilang aayusin ang mga ito ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng wudhu na ginagawa ni Ibrahim sa kuwento.
4. Magtanong kung ano ang unang hakbang ng wudhu pagkatapos magsabi ng "Bismillah," at tawagin ang bata na nais sumagot. Hayaang ilagay niya ang larawan bilang una sa *sequence* at ipakita sa klase kung paano gawin ito.
5. Ipagpatuloy ang pagtatanong at pagtawag sa mga bata hanggang mabuo ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga larawan muli sa una hanggang sa huling hakbang.
6. Maaaring ulitin ang gawain upang mabigyan ng pagkakataon ang ibang bata sa klase na makasali sa pagsagot.



**“Pasasalamat sa Diyos” poster**

Layunin: Makapagpahayag ng pasasalamat sa pamamagitan ng pagguhit Bilang ng
Kasali: Lahat ng mga bata sa klase
Mga Kagamitan: kartolina; lapis, krayola, *colored pens*
Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na gumawa ng mga grupo na may limang kasali ang bawat isa.
2. Bigyan ang bawat grupo ng isang buong kartolina at mga panulat.
3. Tanungin ang bawat grupo kung ano ang ipinagpapasalamat nila sa Diyos. Kung may bata na ayaw sumali dahil hindi siya nagpapasalamat sa Diyos, igalang ito at bigyan siya ng ibang gawain.
4. Anyayahan ang mga bata na pumili ng bahagi ng kartolina kung saan isusulat nila ang kanilang pangalan at iguguhit ang kanilang mga ipinagpapasalamat sa Diyos.

**Pagkulay at Paglalarawan**

Layunin: Mailarawan ang iba't ibang lugar ng pagsamba at panalangin sa komunidad. Bilang ng Kasali:
Lahat ng mga bata sa klase
Mga Kagamitan: KLAS 1; panulat (lapis, krayola, o *colored pens)*
Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng KLAS, lapis, at pangkulay.
2. Ipasulat ang kanilang pangalan sa papel.
3. Basahin nang malakas ang panuto at tanungin ang mga bata kung may tanong sila tungkol dito.
4. Kung kinakailangan, tulungan ang mga bata sa pagsusulat ng kanilang paglalarawan ng mga lugar ng pagsamba at panalangin, at ng sarili nilang iginuhit.

‘***Thank You’ Poster***

Layunin: Makalikha ng *thank you poster*
Mga Kagamitan: apat na kartolina, panulat (krayola, *colored pens,* lapis) Bilang ng
Kasali: Lahat ng mga bata sa klase
Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na gumawa ng mga grupo na may limang kasali.
2. Bigyan ang bawat grupo ng isang buong kartolina at mga panulat.
3. Tanungin ang bawat grupo kung anong mensahe ng pasasalamat ang nais nilang ipaabot sa pinuno o manggagawa ng lugar ng pagsamba o panalangin, at isulat iyon ng malaki sa gitna ng kartolina.
4. Anyayahan ang mga bata na pumili ng bahagi ng kartolina kung saan isusulat nila ang kanilang pangalan. Maaari rin nilang iguhit ang kanilang mga sarili at iba pang mga bagay upang mapuno at maging makulay ang ‘*thank you’ poster* nila.

**Mga Paalala**

Layunin: Makapagpahayag ng ideya tungkol sa mga pagkilos at pananalita na naaayon sa mga lugar ng pagsamba at panalangin Bilang ng Kasali: Lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: *bond paper,* mga panulat at pangguhit (lapis, krayola, *colored pens)*

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng papel at panulat
2. Tanungin ang mga bata kung ano ang mga naayong pananamit, pagkilos, at pananalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin. Anyayahan silang iguhit ang mga iyon. Halimbawa: umupo nang maayos, magsalita ng mahina, iwasan ang pagkukuwentuhan, pagsigaw, pagtakbo o paglalaro, makinig sa nagsasalita, manalangin at umawit kasama ng iba, atbp.
3. Tulungan ang mga bata na maisulat ang mga paalala na ipinapahiwatig ng kanilang mga iginuhit.

**B. Iba Pang Mga Early Language, Literacy, and Numeracy Activities: <u>Umaga Hanggang Gabi</u>**

Layunin: Mailarawan ang mga gawain mula umaga hanggang gabi Bilang ng

Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: KLAS 2; panulat

Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS.
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan ang gawain at tapusin ito.

**Mga Lugar ng Sambahan at Panalangin**

Layunin: Makabuo ng modelo ng mga lugar ng pagsamba at panalangin gamit ang mga konkretong bagay Bilang ng Kasali:

5 bata

Mga Kagamitan: *wooden blocks, Lego blocks,* o mga alternatibo nito

Pamamaraan:

*1.* Sabihin sa mga bata na gumawa ng modelo ng mga lugar ng pagsamba at panalangin gamit ang mga *blocks.*

**0-8**

Layunin: Maipakita ang pagkaunawa sa konsepto ng bilang 0 hanggang 8 Bilang ng

Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: KLAS 3; pandikit; mga ginupit na papel na iba-iba ang hugis at kulay

Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS.
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan ang gawain at tapusin ito.

***What Makes 8?***

Layunin: Maipakita ang pagkaunawa sa konsepto ng bilang 8 Bilang ng
Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: KLAS 4, dalawang krayola na magkaiba ang kulay, lapis
Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS.
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan ang gawain at tapusin ito.

***All About 8***

Layunin: Maipakita ang pagkaunawa sa konsepto ng bilang 8. Bilang ng
Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: KLAS 5; panulat
Pamamaraan:


1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS.
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan ang gawain at tapusin ito.

***More, Less, Equal***

Layunin: Maipakita ang pagkaunawa sa konsepto ng bilang na magsingdami, mas kaunti, at mas higit Bilang ng Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: KLAS 6; panulat
Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS.
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan ang gawain at tapusin ito.

**Magbilang Tayo: Halimbawa ng Eight-Frames**




**<u>Hanapin ang Titik Aa (Lunes)</u>**

Layunin: Makilala ang malaki at maliit na titik Aa. Bilang ng
Kasali: 5 bata
Mga Kagamitan: KLAS 7; lapis, krayola Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan ang gawain at tapusin ito.

**<u>Pagsulat ng Aa (Martes)</u>**

Layunin: Maisulat ang malaki at maliit na titik Aa Bilang ng

Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: *sandbox* na gawa sa kahon ng sapatos na may lamang malinis na buhangin Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na mag-ensayo sa pagsulat ng malaki at maliit na titik Aa sa *sandbox* gamit ang kanilang hintuturo.
2. Maaaring isulat nila ang mga titik ng walong beses.
3. Paalalahanan ang mga bata na ingatan na hindi matapon ang buhangin o mapunta ito sa kanilang mga mata at buhok.
4. Paalalahanan ang mga bata na ilagay ang kanilang *sandbox* sa lugar nito sa silid-aralan pagkatapos gamitin.

**<u>Hanapin at Kulayan ang Titik Aa (Miyerkules)</u>**

Layunin: Makilala ang mga bagay na nagsisimula sa tunog ng titik Aa at maisulat ang mga ito. Bilang ng Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: *KLAS* 8, lapis, krayola Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS.
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan na ang gawain at tapusin ito.

**<u>Ayun, Nakita Ko (Huwebes)</u>**

Layunin: Makaguhit ng mga bagay na ang pangalan ay naguumpisa sa tunog ng titik Aa Bilang ng Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: *KLAS* 9*,* lapis na pangguhit Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa KLAS*.*
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan na ang gawain at tapusin ito.

**<u>Basahin, Isulat, Iguhit (Biyernes)</u>**

Layunin: Makabasa, makasulat, at makaguhit ng mga salita at parirala gamit ang mga tunog ng titik Mm, Ss, at Aa Bilang ng Kasali: 5 bata

Mga Kagamitan: *KLAS* 10; lapis

Pamamaraan:

1. Ipasulat sa mga bata ang kanilang pangalan sa *KLAS.*
2. Basahin ang panuto at magbigay ng halimbawa.
3. Anyayahan ang mga bata na simulan na ang gawain at tapusin ito.

**C. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan**

**<u>Sabi ni Ibrahim (*Simon Says*)</u>**

Layunin: Makinig nang mabuti upang magawa ang tamang aksyon. Bilang ng Kasali: Lahat ng mga bata sa klase

Mga Kagamitan: Wala

Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na kailangan nilang makinig nang mabuti upang magawa nila ang tamang aksyon.
2. Sabihin na gawin lamang nila ang aksyon kung narinig nila ang “Sabi ni Ibrahim.”

3. Ang hindi makasunod sa panuto ay maaalis sa laro, at magkakaroon ng pagkakataon na magsabi kung ano ang aksyon na gagawin ng kanyang mga kalaro. Halimbawa ng mga aksyon mula sa kuwento: bumilang ng isa, dalawa, tatlo; maghugas ng kamay; sipain ang bola; tumakbo; manalangin; kumatok sa pinto; matulog; kumain. Maaaring magsabi ng iba pang aksyon na wala sa kuwento para gawin ng mga kalaro.

**Kumendeng at Umikot**

Layunin: Maipakita ang kanan at kaliwang bahagi ng katawan at mailagay ang mga ito sa harap at likod Bilang ng Kasali:
Lahat ng mga bata sa klase
Mga Kagamitan: awit na *Kumendeng at Umikot* (Titik at Musika ni Anna Francisca T. Castañeda-Lacanilao 1992) Pamamaraan:

1. Iparinig sa mga bata ang awit upang malaman nila ang mga aksyon na gagawin.
2. Hayaang sabayan ng mga bata ang awit habang ginagawa ang aksyon.
3. Anyayahan ang mga bata na magsabi ng iba pang bahagi ng kanilang katawan na maaari nilang ilagay sa harap at sa likod, at gawin ito.

**Dalhan Mo Ako (*Bring Me*)**

Layunin: Mapagsama-sama ang mga bagay sa kapaligiran na magkapareho ang kulay at hugis Bilang ng Kasali:
Lahat ng mga bata sa klase
Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na gumawa sila ng mga grupo na may limang kasali ang bawat isa.
2. Sabihin na kailangan nilang magtulungan sa pagdadala ng mga bagay na hihingin. Halimbawa: Dalhan mo ako ng mga bagay na kulay (pula, asul, dilaw, berde, itim, puti, atbp.). Dalhan mo ako ng mga bagay na hugis (bilog, tatsulok, parisukat, parihaba, atbp.)
3. Kailangang magdala ng hininging bagay ang bawat kasali sa grupo.
4. Ang grupo na may kumpletong bilang ng mga dinalang bagay ay magkakaroon ng puntos.
5. Ang grupo na may pinakamaraming puntos sa huli ang siyang mananalo.

**Bola sa Ibabaw, Bola sa Ilalim**

Layunin: Maipasa ang bola sa likod nang pa-ibabaw at pa-ilalim Bilang ng
Kasali: Lahat ng mga bata sa klase
Mga Kagamitan: dalawang bola
Pamamaraan:

1. Sabihin sa mga bata na pumila sa dalawang linya na may magsindaming bilang ng kasali.

2. Bigyan ng tig-isang bola ang mga nakatayo sa unahan ng bawat linya.
3. Sabihin sa mga bata na ipapasa nila ang bola sa batang nasa likuran nila, ang bola ay dadaan sa ibabaw ng kanilang ulo. Hayaan ang mga batang gawin ito ng mabagal muna hanggang makarating ang bola sa bata sa dulo ng linya. Ang bata na may hawak ng bola ay pupunta sa unahan ng linya. Gawin ang pasahan ng bola hanggang ang lahat ng bata ay nagkaroon ng pagkakataon na makatayo sa unahan ng linya.
4. Pagkatapos, sabihin sa mga bata na ipapasa nila uli ang bola sa batang nakatayo sa kanilang likuran, ngunit ang bola ay dadaan naman ngayon sa pagitan ng kanilang mga binti. Hayaan ang mga batang gawin ito nang mabagal muna hanggang makarating ang bola sa bata sa dulo ng linya. Ang bata na may hawak ng bola ay pupunta sa unahan ng linya. Gawin ang pasahan ng bola hanggang ang lahat ng bata ay nagkaroon ng pagkakataon na makatayo sa unahan ng linya.
5. Pagkatapos nito, sabihin sa mga bata na ipapasa nila uli ang bola sa batang nakatayo sa kanilang likuran, ngunit ang bola ay dadaan sa ibabaw ng kanilang ulo o sa pagitan ng kanilang mga binti. Kung ang bola na kanilang natanggap ay dumaan sa ibabaw ng ulo ng bata sa kanilang harapan, ipapasa nila ito sa likuran sa pagitan ng kanilang mga binti. Kung ang natanggap naman nilang bola ay dumaan sa gitna ng mga binti ng batang nakatayo sa kanilang harapan, ipapasa nila ito sa likuran at padadaanin sa ibabaw ng kanilang ulo. Hayaan ang mga batang gawin ito ng mabagal muna hanggang makarating ang bola sa dulo ng linya. Ang bata na may hawak ng bola ay pupunta sa unahan ng linya. Gawin ang pasahan ng bola hanggang ang lahat ng bata ay magkaroon ng pagkakataon na makatayo sa unahan ng linya.
6. Maaari nang gawin nang mabilis ang pasahan ng bola sa ibabaw ng ulo, sa gitna ng mga binti, at sa salita na paraan. Ang linya na unang makatapos ang siyang mananalo.

**Dapat o Hindi Dapat? *(Charade)***

Layunin: Masabi ang dapat at hindi dapat na kilos at pananalita sa mga lugar ng pagsamba at panalangin Bilang ng Kasali:
Lahat ng mga bata sa klase
Mga Kagamitan: isang lalagyan ng mga papel na may panuto Pamamaraan:

1. Isulat ang bawat panuto sa papel at ilagay ito sa lalagyan. Ang mga panuto ay mga aksyon na dapat at hindi dapat gawin sa mga lugar ng pagsamba at panalangin. Halimbawa ay magdasal nang taimtim, sumigaw, maglaro, makinig, umupo nang maayos, tumakbo, magsalita nang malakas, kumanta, magsalita nang pabulong, magkuwentuhan, atbp.
2. Ipakita sa mga bata ang lalagyan na may mga papel. Sabihin na tatawagin ang mga *volunteer* upang kumuha ng papel at gawin ang aksyon na nakasulat doon. Sabihin din na huhulaan ng mga bata kung ano ang aksyon na ginagawa, at sasabihin din nila kung ang aksyon ay dapat o hindi dapat gawin sa mga lugar ng pagsamba at panalangin.
3. Tawagin ang mga bata na gustong kumuha ng papel na may panuto sa lalagyan.
4. Tulungan ang mga bata na basahin ang panuto at anyayahan sila na gawin ito na wala siyang sinasabi.

5. Sasabihin ng bata na makakahula kung ano ang aksyon kung ito ay dapat o hindi dapat gawin sa mga lugar ng pagsamba at panalangin.
6. Magtawag ng mga *volunteer* hanggang ang lahat ng mga panuto ay nagawa at nahulaan ng tama.

**D. Mga Awit at Tula**

| | |
|---|---|
| "Salamat, Aming Dios"<br>(Titik at Musika ni Anna Francisca T. Castañeda-Lacanilao, 1992)<br><br>Aming Dios Salamat<br>sa 'Yo<br>Sa mga kaibigang ito Aming<br>Dios<br>Salamat sa 'Yo<br>Sa mga kaibigang ito. Amen.<br><br>(Maaaring palitan ang salitang 'kaibigan' ng pangalan ng mga bagay na ipinagpapasalamat sa Diyos tulad ng pagkain, magulang, sapatos, atbp.) | "Kumendeng at Umikot – Awit ng Galaw"<br>Titik at Musika ni Anna Francisca T. Castañeda-Lacanilao (1992)<br><br>Kanang kamay sa harap ilagay<br>Kanang kamay sa likod Kanang<br>kamay sa harap ilagay<br>Kumendeng kendang at umikot-ikot.<br><br>Kaliwang kamay sa harap ilagay<br>Kaliwang kamay sa likod Kaliwang<br>kamay sa harap ilagay<br>Kumendeng kendang at umikot-ikot.<br><br>(Maaaring palitan ng kanang paa, kaliwang paa, ulo, siko, buong katawan.) |